
# Ang Yaman ni Maya




Kuwento ni:
Laarni R. Sanguyo
Guhit ni:
Erich D. Garcia, EdD





Pamantayan sa Pagkatuto

- Nakikibahagi sa anumang programa ng paaralan at pamayanan na makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan sa pamayanan at bansa.
- Natutukoy/Naibubukod ang mga basurang nabubulok at di-nabubulok.

Code:

EsP2PPP-IIIf-11



DEVELOPMENT TEAM

Kuwento ni: **Laarni R. Sanguyo**

Guhit ni: **Erich D. Garcia, EdD**

Learning Resource Managers:

**Ruby M. Jimenez, PhD**

Learning Resource Management and Development Section, EPS-1

PAMPANGA

# Ang Yaman ni Maya






Sa bayan ng Arayat ay may batang naninirahan sa isang munting bahay kasama ang kanyang ama at ina. Ang pangalan niya ay Maya.

Simple lamang ang pamumuhay ng pamilya ni Maya. Ang kanyang ama ay nangongolekta ng mga bote, lata, dyaryo, at garapa na siya namang ipinagbibili ng kanyang ina. Ito ang hanapbuhay ng pamilya ni Maya.






Isang araw nakita ni Maya ang kanyang inang si Aling Luring na naglilinis sa kanilang bakuran. Nilapitan niya ito at nagsabi "Inay, nais n'yo po bang tulungan ko kayo? Sabado nman po ngayon kaya wala akong pasok."

"Naku maraming salamat anak napakabuti mo talaga. Halika at pagtulungan natin ayusin ang mga nakolektang bote, lata, at garapa ng iyong Tatay," wika ng kanyang ina.






Habang inaayos ni Maya ang mga patapong bagay na kanilang ipagbibili bigla siyang nakaramdam ng panghihinayang at sumilong muna sa ilalim ng punong mangga.

"Haay..., bakit kaya hindi na lamang kami naging mayaman? Naaawa na ako sa aking Tatay at Nanay. Kakaunti lamang ang kinikita nila mula sa pagbebenta ng bote, lata, at garapa," pabulong na sabi ni Maya.






“Ang yaman n’yo pala.” Nagulat si Maya nang bigla siyang may narinig na boses. Lumingun-lingon siya at hinanap ang pinanggalingan ng boses.

Laking tuwa niya nang makita ang matalik na kaibigang si Lala kasama ang kanyang inang si Aling Tina.

Niyaya ni Aling Luring si Aling Tina na pumasok sa kanilang bahay. Nagpaiwan naman ang magkaibigan sa likod-bahay.





Matagal nang hindi nagkikita ang magkaibigan mula noong lumipat ng tirahan ang pamilya ni Lala sa Maynila. Nagkamustahan ang dalawang bata.

"Ano ba ang ginagawa mo dito?" tanong ni Lala kay Maya.

"Inaayos ko ang mga maaari pang ipagbili sa mga patapong basurang ito," sagot ni Maya.


"Ito lamang kasi ang hanapbuhay ngayon ng aking ama," nahihiyang sabi niya.





Pinagmasdan mabuti ni Maya ang kanyang kaibigan. Napansin niya ang bag na dala ni Lala. “Wow, ang ganda naman ng bag mo. Iba na talaga kapag mayaman,” pagbibiro ni Maya kay Lala.

“Naku, ito ba? Hind ito mamahalin. Ikaw nga ang mayaman e. Ang dami ninyong yaman dito,” wika ni Lala.

“Ha, paano mo naman nasabing mayaman kami?” pagtatakang sagot ni Maya.








Itinuro ni Lala ang mga bagay na nasa bakuran nina Maya. “Iyan ang yaman ninyo.”

“Paanong yaman ang mga iyan? Eh, puro basura lamang iyan,” ang sabi ni Maya.

“Naku alam mo ba naging aralin namin iyan sa Edukasyon sa Pagpapakatao. Itinuro sa amin ng aming guro kung paano ang pagbubukod ng mga basura.






"Kailangan ibukod ang basurang nabubulok sa di-nabubulok. May pinanood din kami na palabas tungkol sa pagre-*recycle* ng mga di-nabubulok na basura. At marami na ang yumaman dahil dito. Ang mga bagay tulad ng lumang lata, bote, at maging balat ng sitsirya ay maaari pang gamitin at gawing kapaki-pakinabang na bagay.



Inilabas ni Lala ang kanyang *cellphone* at niyaya si Maya na panoorin ang palabas tungkol sa pagre-*recycle*.

"Heto o, panoorin natin ang sinasabi kong palabas at sigurado ako na  marami kang matututunan dito," wika ni Lala.

Buong kaganyakang pinanood ng magkaibigan ang palabas.





Napanood nila sa palabas kung paanong ginawang magagandang plorera ang mga lumang bote.


Ang mga lata naman ng gatas at sardinas ay pinalamutian at  ginawang lalagyan ng iba't ibang gamit tulad ng lapis, kutsara't tinidor at kung anu-ano pa.

Ipinakita rin sa palabas ang mga lumang gulong ng sasakyan na ginawang makukulay na mesa at pinagtamnan ng mga halaman na inukit sa ibat'ibang anyo.




"Ang gaganda naman. Hindi mo aakalain na ang mga ipinakita nilang kagamitan ay yari sa mga patapong bagay tulad ng lata, bote at gulong ng sasakyan. At kung ipagbibili ang mga ito siguradong mas malaki ang kikitain," tuwang-tuwang sabi ni Maya pagkatapos





Muling napansin ni Maya ang bag ni Lala. "Wow, Lala, ngayon ko lamang napansin na iyang bag mo ay gawa pala sa pakete ng *juice*."

"Tama ito nga ay gawa sa pakete ng *juice*. Proyekto namin ito sa paaralan. Gumagawa kami ng mga bagay mula sa mga patapong basura at ito ay aming ipinagbibili upang magkapondo ang aming klase."



"Kung ang mga basura sa inyong paligid ay ire-*recycle* ng ganito maaari kayong kumita ng malaki kapag naipagbili ninyo ang mga ito," suhestiyon ni Lala kay Maya.

"Oo nga. Tama ka Lala. Hindi pala basura ang nasa paligid namin. Kami pala ay napaliligiran ng yaman kung ang mga ito ay aming ire-*recycle*," nakangiting sabi ni Maya.






"Halika Lala, sabihin natin ito sa aking Tatay at Nanay," yaya ni Maya.

"Sige, gaya ng dati unahan tayong makarating sa bahay ninyo," masayang paghamon ni Lala

"Oo ba! Tinitiyak ko naman sa iyo na tatalunin pa rin kita," pagmamalaking sabi  ni Maya.

Nag-unahan papasok sa kanilang bahay sina Maya at Lala.









“Inay! Itay!” masayang tinawag ni Maya ang kanyang mga magulang habang tumatakbo papasok ng bahay.

“Alam ko na po kung paano tayo kikita ng malaki mula sa mga nakokolektang bote at lata ni Tatay. At maging sa mga lumang gulong at pakete ng *juice*. Kung ire-*recycle* po natin ang mga ito ay maipagbibili natin ito nang mas mahal. Mas lalaki po ang kikitain natin.”






Ipinaliwanag ni Maya ang napanood nila tungkol sa pagre-*recycle*.

"Oo nga anak, kung gagawin natin ito ay mas giginhawa ang ating buhay," wika ni Mang Roman, ang tatay ni Maya.

"Ngayon po ay maliwanag na sa akin ang ibig sabihin ng kasabihang, may pera sa basura," ang natutuwang sabi ni Maya.

"Noon po kasi ay iniisip ko kung paano magkakapera sa basura," dagdag pa nito.






Nagpasalamat si Maya sa kaibigan niyang si Lala sa kaalamang ibinahagi nito sa kanya.

"Maraming salamat Lala. Malaking tulong ito sa aming kabuhayan. Madadagdagan ang kikitain nina Tatay at Nanay kung gagawin namin ang ipinakita sa palabas na ating napanood."

"Walang anuman, Maya. O heto ibibigay ko na sa iyo ang bag ko bilang regalo ko sa iyo at para masuri mo na rin kung paano ito gawin," sabi ni Lala.






"Naku maraming salamat ulit. Pangako ko pagsisikapan kong matutunan ang paggawa nito at igagawa kita ng mas magandang disenyo." At nagtawanan ang magkaibigan.

"Mabuti pala ang naidudulot ng pagre-*recycle* ng mga gamit. Maaari tayong kumita dahil dito," sabi ni Aling Luring.


"Hindi lamang iyon, mas madali din ang paglilinis sa kapaligiran kung ang bawat isa ay marunong magbukod ng basura," wika ni Mang Roman.





Nang pumasok muli sa paaralan si Maya ay masayang ibinahagi niya sa klase ang kaalamang natutunan, na ikinatuwa ng kanyang guro at mga kamag-aral.


Sinimulan naman ng kanyang mga magulang ang paggawa ng ibat’t ibang kagamitan mula sa mga bote, lata, at iba pang patapong bagay. Gumawa sila ng isang maliit na tindahan para sa mga ito. Unti-unting guminhawa ang kanilang buhay dahil sa pagsusumikap at kasipagan.



## TUNGKOL SA MAY-AKDA AT TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**LAARNI R. SANGUYO :** Kasalukuyang nagtuturo sa Arayat Central School San Agustin Sur, Arayat, Pampanga bilang TeacherIII. Gurong-tagapagsanay ng Campus Journalism. Nagtapos ng kursong Bachelor in Elementary Education sa University of the Assumption, San Fernando, Pampanga

**ERICH D. GARCIA EdD:** Nagsisilbi bilang punung-guro II ng Dela Paz Libutad High School, isa sa kasapi ng mga piling ilustrador ng kagawaran ng Edukasyon mula taong 2012 hanggang kasalukuyan. Nagtapos ng edukasyon sa Don Honorio Ventura State University ng Bachelor of Science in Industrial Education Major in Drafting minor in drawing.



Sa bayan ng Arayat nakatira si Maya kasama ang kanyang mga magulang na ang tanging hanapbuhay ay ang pamumulot ng bote, lata, at garapa. Kaya minsan siya ay nangarap na yumaman.

Tuwing nakikita ni Maya ang mga nakatambak na patapong basura na nasa bakuran nila ay nalulungkot siya sa kalagayan ng kanilang kabuhayan.

Sa pagdalaw ng hindi inaasahang bisita ay nalaman niya na sila pala ay napaliligiran ng yaman na siyang ikinagulat ni Maya.

Paano kaya natuklasan ni Maya ang yaman na nasa kanilang bakuran? Ano ang natutunan niya mula sa bisitang dumating?

